Sa ilang rehiyon, humantong ang armadong pakikibaka sa pagkawala ng hanapbuhay ng mga katutubong komunidad. Marami sa mga katutubong pamayanan, partikular na sa Mindanao, ay puwersahang nagbakwit (lumikas) mula sa kanilang mga bahay at sakahan dahil sa operasyong militar laban sa mga Muslim at iba pang armadong grupo (Cariño 2012, 9).

Isang Kasaysayan ng Pagkaagaw at Sapilitang Pagpapaalis

Upang maintindihan ang mga nasirang pangako sa pagkilala ng karapatan ng katutubo sa lupaing ninuno, kinakailangan maintindihan nang husto ang kasaysayan ng pananakop at pagkaagaw ng lupa sa mga komunidad ng mga katutubo.

Sa loob ng maraming siglo, paulit-ulit na lumilikas ang mga katutubo tuwing ang mga dayuhan o mananakop ay nanghihimasok sa kanilang lupa. Bago pa man dumating ang mga mananakop na Kastila ay mayroon nang pinapatakbong gobyerno ang mga Moro at ang mga komunidad ng katutubo. Habang ilan sa mga katutubo ay dumagsa sa kapanahunan ng “nandarayuhan na Malayo o Proto-Malayo” (MRG n.d.), tinatayang 27 sa kanila, tulad ng mga Ayta at Ati, may mga Negrito na noon pa man ay matagal nang naninirahan sa Pilipinas. Sila ay “pinaniniwalaang mga kaapu-apuhan ng mga pinakamaagang nanirahan sa arkipelago, na dumayo gamit ang tulay na lupa mula sa *mainland* ng Asya mga 30,000 taon na ang nakalipas” (MRG n.d.).

Sa panahon ng pananakop at panunungkulan ng Espanya, nagpalipat-lipat ang mga katutubo buhat ng dekreto ng gobyernong Espanyol na ang lahat ng kapuluan ng Pilipinas ay itinuturing bilang lupa ng Espanya sa ilalim ng Regalian Doctrine. Ang mga pangkat ng mga katutubo na hindi sumang-ayon na maging bahagi

ng pamayanang itinakda ng Espanya ay humantong sa paglisan sa kanilang sariling lupain. Napilitan ang mga naninirahan sa mababang lupain at baybayin, halimbawa ang mga Ayta sa gitnang bahagi ng Luzon, na umakyat sa mga gilid at bulubunduking parte.

Nang dumating ang mga Amerikano upang pamunuan ang bansa, nagpatuloy ang pagpapatupad ng Regalian Doctrine (Santiago n.d, 6–7). Sunod-sunod na mga batas sa lupa ang naipatupad. Dulot ng pagsisimula ng pagrerehistro ng titulo ng lupa, lumikas ang mga katutubo patungong kanayunan. Idineklara ng Land Registration Act noong 1902 ang pagpapatupad sa sistemang Torrens upang pormal na maiparehistro ang mga titulo ng lupa. Dahil sa batas na ito, nagkaroon ng kapangyarihan ang estado na bigyan ang sinumang lehitimong *claimant* ng patunay ng titulo sa isang parsela ng lupa. Sinundan ang Land Registration Act ng 1092 ng Philippine Commission Act No. 178, kung saan itinuturing “ang lahat ng hindi rehistradong lupa bilang parte ng pampublikong lupain, at ang estado lamang ang may karapatan na uriin o gamitin ang mga lupang iyon” (p. 10).

Bukod pa rito, sa ilalim ng Proklamasyon No. 217 ng 1929, idineklara ng mga Amerikano ang lupaing ninuno bilang *forest reserves*, parke, at reserbasyon. Matapos makamit ang kalayaan mula sa Amerika, hindi ipinagkaloob ng gobyerno ng Pilipinas ang karapatan ng mga katutubo na makuha muli ang kanilang lupaing ninuno; bagkus, nagpatuloy pa rin ang Regalian Doctrine. Nilikha ang mga batas upang patuloy na apihin ang mga katutubong inilagay sa laylayan ng lipunan. Isang patunay na batas na “epektibong umaapi” sa mga katutubo sa kanilang lupaing ninuno ay ang Presidential Decree No. 705 o ang Revised Forestry Code na inilabas ng diktador na si Ferdinand Marcos noong 1975 (Walpole at Annawi 2022, 12; Rovillos at Morales 2002, 10). Nilalaman nito ang probisyong “nagbabawal sa pagtuturing sa lupang may tarik na 18 *degrees* o higit pa bilang mga lupang maaaring ibigay at gamitin o kunin” (Scheyvens 2011, 88). Dahil dito, naging iskwater ang mga katutubong naninirahan sa mataas na lugar ng kanilang lupang ninuno (Walpole at Annawi 2011, 12; Rovillos at Morales 2002, 10). Nagbigay din ito sa Estado “ng legal na basehan para angkinin ang kanilang mga teritoryo at likas na yaman” (Scheyvens 2011, 88).

Malaki ang ginagampanan ng batas para sa pakana ng mga kaalyado ni Marcos Sr. at ng kagustuhan ng dayuhang *multinational companies* na paunlarin ang kagubatan o ang nakapaloob sa *18-degree provision*. Sa kalagitnaan ng dekada 1970 hanggang kalagitnaan ng dekada 1980, naganap ang isang natatanging pagkilos sa pakikibaka ng mga katutubo para sa kanilang lupang ninuno at sariling pagpapasya. Kumilos ang lider ng Kalinga na si Macli-ing Dulag laban sa pagpapatayo ng proyektong Chico Dam sa Cordillera. Ang proyektong ito, na pinondohan ng World Bank at patatakbuhin ng National Power Corporation, ay makaaambala sa kanilang nakaugaliang gawain at magdudulot ng pagbaha sa mga nayon ng Kalinga, Bontoc, at Kankanaey (Walpole at Annawi 2011, 13). Noong 1980, pinatay si Dulag ng mga puwersa ng estado sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr. Kalaunan, ang kanyang pagkamatay ay nagudyok sa tribo ng Cordillera na sama-samang ipaglaban ang kanilang karapatan. Aktibo silang kumilos laban sa pamahalaan at hinarap ang mga puwersa nito. Ang lumalawak na kilusang masa, na sinalihan ng iba't-ibang mga *non-government organizations* (NGO) sa loob at labas ng bansa, pati na rin ng midya, ay nagdulot kalaunan ng pagkansela ng proyekto.

Dahil sa karanasan sa Cordillera, nag-isyu ang World Bank noong 1982 ng polisiyang pang-operasyon tungkol sa mga pagkuha ng paunang pahintulot at maayos na komunikasyon sa mga katutubo bago simulan ang anumang proyekto. Naging mahalaga ang pangyayaring ito sa kasaysayan. Nakatulong ang kolektibong pakikibaka ng tribo ng Kalinga at naging inspirasyon sa mas malawak na kilusan ng mga katutubong pamayanan, at sa iba pang tribo sa natitirang bahagi ng bansa para sa kanilang karapatan sa sariling pagpapasya.

Ang sumusunod na bahagi ay pagdodokumento sa talakayang naganap kasama ang mga lider-katutubo at estudyante mula sa iba't-ibang tribo sa Pilipinas. Ang kanilang pahayag ay nagpakita ng parehong pagpapahalaga at pagpuna sa IPRA mula sa pananaw ng mga pamayanan sa baba ukol sa pagpapatupad ng batas.

Ang Lupa ay Buhay

Ikinuwento ni Bae Makabulig Merlina Subalan² ng tribong Talaandig sa Bukidnon habang nagkakaroon ng focus group discussion noong 2019:

Hindi madali ang nangyaring iyon sa amin. Naglunsad kami ng protesta sa NCIP habang dala-dala ang bangkay ng aming kasama sa tribo upang patunayan sa kanila na kami ay mga totoong Lumad. Doon lang sila naniwala na kami ay totoong mga lumad na naninirahan sa lugar.

Isinalaysay ni Bae Makabulig kung gaano kahaba at kasalimuot ang daang tinahak ng mga kasama niya sa komunidad upang makuha ang isang papel na tanging magbibigay ng legalidad sa kanilang pagmamay-ari sa kanilang lupaing ninuno. Ayon sa kanya, ilan sa mga miyembro ng kanilang tribo ay pinatay sa ilang taong pakikipaglaban upang maibalik ang kanilang lupa. Nag-organisa sila ng iba't-ibang protesta, nagkaroon ng diyalogo kasama ang Department of the Environment and Natural Resources (DENR) at ng National Commission of the Indigenous Peoples (NCIP), at naglakbay patungong Maynila upang makapagsalita at mapaabot sa mga opisyal ng gobyerno ang kanilang dala-dalang isyu. Inilalarawan ni Bae Makabulig ang karahasang dinanas ng tribo na kailangan pa nilang harapin bago sila pakinggan.

Nang naisabatas ang IPRA, ipinagpalagay na ang mga katutubo ay maaaring angkinin muli ang kanilang lupaing ninuno at tinitiyak ito sa pamamagitan ng Certificate of Ancestral Domain Title (CADT). Ngunit nito lamang 2019, inamin ng NCIP na “17.95 porsyento lamang sa 1,425 lupaing ninuno ang nabigyan ng CADT” (Carbayas 2020; aming salin).

2 “Bae” ang tawag sa mga lider-kababaihan sa katutubong Talaandig, at ang salitang “makabulig” ay hango naman sa salitang “bulig” na ibig sabihin ay “tulong” sa salitang Binukid ng katutubong Talaandig. Ang pangalang ito ay nagsasalamin sa katapatan ni Merlina Subalan bilang pinuno ng tribo upang tulungan ang kanyang pamayanan na mabawi ang kanilang lupaing ninuno mula sa pribadong pagmamay-ari at kontrol.

Para kay Bae Makabulig, napakatagal at nakakapagod ang pagkuha ng CADT, dahilan para sa kanila na kumuha na lamang ng Community Based Forest Management (CBFM) certificate. Ginawa nila ito dahil mas mabilis itong paraan upang matiyak ang kanilang pagmamay-ari sa lupa bago pa man manghimasok ang tagalabas sa lupain nila. Ipinaliwanag ni Bae Makabulig na

Kapag pupunta ka sa DENR ay mayroon din silang proseso na dadaan pa rin sa katutubo [para sa konsultasyon]. Kapag mag-apply ako ng Community Based Forest Management Agreement (CBFMA) ay kinakailangan ko pa rin pumasok sa proseso ng FPIC kaya konektado pa rin ang DENR at NCIP.

Ipinaliwanag ng kababaihang lider na ang pagpunta sa DENR ay magkapareho lang din sa pamamaraan at hakbang sa pagkuha ng sertipiko dahil kinakailangan pa rin ng pagsasagawa ng FPIC. Para sa kanya, ang CBFMA ay isang instrumentong magpapanatili sa kanila sa lupaing ninuno, na maaaring magpalakas sa kanilang pag-angkin nito. Hindi ibig sabihin nito na hindi na kinakailangan ng FPIC. Sa halip, ang kaniyang idinidiin ay ang komplikado't mabagal na proseso ng pagtitiyak nito dahil sa mga aksyon ng mga maykapangyarihan, na maaaring magsulong ng pansariling interes o ng mga interes ng mga negosyo.

Noong 10 Disyembre 2019, ilan sa 247 na mga Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) ang naaprubahan kung saan may 102 sa Luzon, 10 sa Visayas, at 135 sa Mindanao (1997–2019). Binubuo lamang nito ang 17.19 porsyento sa 1,425 lupaing ninuno, na may 1,319,176 katutubong may hawak na karapatan ng 5,741,388.7468 ektarya (Carbayas 2020). Sa mga aprubadong CADT, 54 ay rehistrado, at 193 ang pinaparehistro pa lamang. Samantala, 227 aplikasyon ng CADT ang pinoproseso (Carbayas 2020). Bukod sa pag-amin ng NCIP na kulang sila sa empleyado, at hindi sapat ang badyet sa ilalim ng administrasyon ni Duterte, pinapangako nila ang pagtupad sa kanilang mandato na tulungan ang mga katutubo (Carbayas 2020).

Ang Kahirapan sa Pagpapatupad sa FPIC

Isa sa prominenteng probisyon ng batas IPRA ay ang pagtatakda ng *free and prior informed consent*, o mas kilala bilang FPIC. Sa esensya

nito, sinisuguro ng FPIC ang proteksyon sa mga katutubo laban sa anomang polisiya at proyekto na nakakaapekto sa lupaing ninuno sa pamamagitan ng pagsasagawa ng paunang permiso (Magno and Gatmaytan 2013, 1). Sa FPIC, kinakailangang bigyan ng sapat at aksisible na impormasyon ang mga pamayanang katutubo, at “dapat tinutukoy at pinagkasunduan batay sa katutubong kaugalian at kasanayan at libre mula sa anumang pagmamaniplula at pamimilit ng sinomang tagalabas” (p. 1).

Sa papel nina Magno at Gatmaytan (2013) tungkol sa kahinaan ng FPIC, nagbigay sila ng limang pangunahing kahinaan ng sistema sa pagpapatupad ng IPRA. Ito ang sumusunod:

1. “Ang pagsasagawa ng FPIC ay dapat isang beses lamang—sa pagsisimula ng proyekto [*gayunpaman, ito ay nagbago makalipas ang 2012. Gayumpaman, ang resulta ng focus group discussion ay nagsasaad na nangyayari pa rin ito sa kasalukuyan—ang mga may-akda*]
2. Walang proseso para kilatisin ang pahintulot kapag naibigay na ito. Wala ring pamamaraan upang isuspinde ang proyektong hindi sumunod sa patakaran ng pagkuha ng FPIC.
3. Ang pahintulot lamang ng katutubo ang kinakailangan, kahit na ang proyekto ay nakaaapekto maging sa mga hindi katutubo.
4. Walang nakatuong mekanismong nagbabantay sa mga paglabag sa proseso ng FPIC at pagpapatupad ng *Memorandum of Agreement (MoA)* sa pagitan ng kumpanya ng pagmina at ng mga katutubo.
5. Ang paglagda ng MoA sa labas ng komunidad ay naging dahilan para pagdudahan ang lider ng kanilang pamayanan o ang mga itinalagang lumagda” (p. 9).

Binanggit din nina Magno at Gatmaytan (2013) ang isang *shadow report* ng isang *consortium* ng mga katutubo noong 2009 “tungkol sa kanilang mga agam-agam ukol sa pagpapatakbo ng FPIC” (p. 11). Isinumite nila ang nasabing ulat sa United Nations Committee on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination (CERD). Bagamat

mayroong rekomendasyon ng CERD, kinakaharap pa rin ng mga katutubong pamayanan ang mga sumusunod:

- “Kawalan ng ilang tao ng lakas ng loob sa pagpapatupad o pagbalinila sa proseso ng pagkuha ng FPIC;
- Pagkilala sa mga huwad na lider ng tribo (binansagang “dealers” ng katutubong pamayanan) upang isulong ang pag-aangkin ng mga kumpanya ng pagmina;
- Hindi pagkilala sa mga nakaugaliang batas at sistemang pampamahalaan ng mga katutubong pamayanan; at
- Pagpapatupad ng depektibong ADSPP³ at ang mahaba at mahal na proseso ng pagkuha ng sertipiko ng lupa” (pp. 11–12).

Makalipas ang mahigit na 10 taon, parehong mga kahinaan ang ipinararating ng mga pangkat ng IP na nakatuwang sa pangangasiwa nitong pag-aaral. Sinabi noon ni Pan Lawi⁴, isang lider ng tribong Ayta-Mag Indi sa Pampanga, na pinapanatili ng proseso sa FPIC ang mali sa batas. Ipinaliwanag ito ni Pan Lawi:

Sa pagkakaintindi ko po sa kahulugan ng FPIC process lalo na doon sa “malaya” [at] “nauuna”—kung malaya talaga kami, pupulungin namin iyong mga angkan. Kung isandaang Ayta yan, bawat angkan, magpupulong ang mga angkan, sino-sino ang pipiliin nila mula sa kani-kanilang mga kinatawan. Hindi na nangyayari iyon. “Kapitan, isama niyo po iyong mga kagawad. Pumili kayo ng dalawang elder. Pumili kayo ng isang kabataan, isang . . .”

Ang isa pang nakikita ko doon, [minsan hindi] nasusunod iyong mayorya. Pinagpasyahan lang ng sampung mga barangay official, mga ilang lider. Ang pagkaintindi ko sa salitang Tagalog, pagkakasundo-sundo ng lahat ng kasapi

3 Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plan

4 “Pan” ang tawag ng mga katutubong Ayta-Mag-indi sa kanilang nakatatandang lider ng katarungan. Rattan naman ang ibig sabihin ng “Lawi”. Isa itong uri ng palmang baging na namumulaklak sa kagubatan ng Pilipinas, lalo na sa lupaing ninuno ng pamayanang Ayta-Mag-indi sa Pampanga.

ng katutubo. Bakit ilang lider lang iyong nagpasya? Nasaan iyong “lahat”? Kung sa termino ninyo, “plural.” Minsan isang kabataan lang ang nandu’n, o kaya dalawa. Dalawang kababaihan lang ang ipapalagay doon. Hindi kasama ang [iba pang] kababaihan, ang mga kabataan.

Pinuna ni Pan Lawi ang isang limitasyon ng FPIC. Itinatakda ng batas na dapat matapos sa loob ng 15 araw ang konsultasyon kasama ang mga residente sa mga pamayanan. Dahil sa pagtatakda ng dedlayn na ito, nawawala ang kahulugan ng “kalayaan.” Ayon sa kaniya, hindi nalilimitahan ng tradisyunal na gawi ang konsultasyon. Para sa kanila, ang konsultasyon ay nangangailangan para sa kanila na makipag-usap sa kanilang angkan at hindi lamang kanya-kanya.

[Una,] ang sistema ng katutubo ay hindi tinatatakdaan ng panahon. Kung talagang kinikilala ang karapatan ng mga katutubo sa sariling pamamahala at sariling pagpapasya, dapat ipapaunawa mo kung ano ang tamang panahon, oras, na gusto nila. Pero dahil sa FPIC, binigyan ng takdang panahon na mas mabilis, at hindi ang mga katutubo ang nagtakda kaya hindi kayang sundan ng katutubo. Hindi siya ayon sa sistema o pamamaraan ng mga katutubo sa pagsagawa ng mga proseso o consultation.

Sa kanya, ang pagtatakda ng timeframes o huling araw ng konsultasyon ay pagpapawalang-bisa sa layunin na “kalayaan” ng FPIC. Dagdag ng lider ng tribo na:

Kung tutuusin, dapat hindi nila kami pupuwersahin. Malaya namin gagawin iyon na bawat angkan, hanggang maunawaan. Kasi “nauuna.” Kailangan ang bawat angkan maintindihan muna, mapalawak ang impormasyon, magpulong-pulong.

Pinuna rin ni Pan Lawi ang pinagdadaanan sa pagpapatupad ng proseso ng FPIC, kasama na ang nakasanayan ng pribadong korporasyon na magbigay ng pondo sa kanila.

Hindi pinahintulutang magsalita ang mga kinatawan ng mga katutubo na sinama sa *field based investigation* (FBI) habang nagkakaroon ng konsultasyon. Napansin din niya ang katiwalian sa proseso ng pagdaraos ng mga asembliya.

Noong panahon ng konsultasyon o pagpupulong sa NCIP, ginagamit ng NCIP ang *attendance sheets* bilang patunay na ang pamayanang katutubo ay pumayag sa proyekto. Ikinatwiran ni Pan Lawi na hindi sila nagkaroon ng kolektibong resolusyon upang sumang-ayon sa proyekto. Sa kanyang kuwento,

Siyempre, katutubo kami. Ano ngayon kung hindi matupad iyong kanyang proyekto? Basta sa amin, malinaw sa amin na mahal namin iyong ancestral domain. Kahit hindi namin maranasan iyong kung ano-anong mga pinangako nila, basta ang ancestral domain, ang kalikasan, hindi magagalaw. Maya-maya, dahil hindi kami nagpasa ng mga resolusyon, ginamit nilang batayan iyon na sumang-ayon na raw kami. Nagpalabas na ng certificate of precondition ang NCIP.

Naranasan din ng pangunahing impormante, na isang estudyante sa Paaralang Lumad, ang ganitong klaseng panlililang. Aniya, nang hinarap ng katribu nilang Manobo ang isang Manobo na nagtatrabaho at kinatawan ng NCIP, inakusahan siya nito bilang traydor sa kanilang tribu: “Pumunta sila ng ibang bansa upang ipalaganap ang mga balita na kami raw ay rebelde at hindi totoong Lumad.” Ayon kay Bae Makabulig, ilan sa kanilang mga kasamang Lumad na nagtatrabaho sa NCIP ay nagbubulag-bulagan lamang sa naturang kasanayan. Para sa kanya, umiiral din ang salungatan ng interes ng mga politikong nakikilahok sa pagdedesiyon kung sino nga ba ang “totoong” Lumad sa lugar. Ibinahagi rin niya na may isang beses na inendorso ng gobernador ng Bukidnon ang diumano isang lider na Lumad kahit hindi ito miyembro ng tribu nila. Mas sinunod ng NCIP ang pagendorso ng gobernador kaysa piliin ang kanilang datu. Sa maikling salita, “sa maraming mga kaso, naging mekanismo ang proseso ng FPIC ng akumulasyon sa pagtataboy sa mga katutubo mula sa pagiging potensyal na instrumento nitong protektahan sila” (Bello 2020).

Sa katunayan, patong-patong na isyu ang hinaharap ng NCIP tungkol sa pagsasakatuparan ng kanilang mandato: “kakulangan ng NCIP sa tauhan; di-sapat na suporta sa badyet; di-sapat na pagsusuri sa nilalaman ng MOA ng regional review team ng NCIP, pagbabatay sa limitadong dokumentong ibinigay ng ahensya, at ang hindi sapat na koordinasyon sa pagitan ng iba’t-ibang mga ahensya” (Magno at Gatmaytan 2013, 12–13).

Sa ilalim ni Pangulong Benigno Aquino III, may mga bagong regulasyong ipinatupad upang tugunan ang mga isyung ito. Kabilang sa mga pagbabagong ito ay ang karapatan na bumuo ng resolusyon ng kapahintulutan o resolusyon ng hindi paghintulot, at ang probisyon ng *field based investigation* (FBI) na binubuo ng “pananaliksik sa mismong pinangyarihan upang matukoy ang epekto ng proyekto sa lupaing ninuno at malaman ang mga katutubong magbibigay o hindi magbibigay ng kanilang FPIC” (Magno and Gatmaytan 2013, 14–15). Sa bagong regulasyong ito, kinakailangan ang partisipasyon ng mga katutubong lider sa mismong *field research team* (p. 15). Kinakailangang sumang-ayon ang mga: katutubong lider, sponsor ng proyekto, at ng mga kaugnay na ahensya ng gobyerno sa mga isyung tulad ng gastos, format sa pagdokumento ng aktibidad (photo, video, atbp.), at iba pang kaugnay na proseso” (p. 14). Kinakailangang ding masuri ng komunidad ang resulta ng imbestigasyon sa isang pagpupulong. Para sa mga pamayanang katutubo, ang mga “pagbabagong” ito ay nanatiling walang katuturang pangako. Ang mga naratibong ibinahagi ng mga pangunahing impormante ay nagpapakita na ang katiwalian at karahasan ay ginagamit upang pigilan ang kanilang paghahanap ng lupa.

Sa bulubundukin ng Bukidnon, nakapasok ang mga rantsero ng baka at may-ari ng plantasyon sa lupaing ninuno ng mga katutubo sa pamamagitan ng paglahok ng mga kahina-hinalang gawi ng pagsusuhol, karahasan, at paggamit ng mga hindi lehitimong katutubong grupo upang kumatawan sa proseso ng FPIC. Inalok ng rantsero ng baka si Bae Makabulig at ang kanyang tribo ng PHP 5 milyon bilang kapalit ng pagtigil sa kanilang protesta. Ayon kay Bae Makabulig, mas pinili niyang tumindig habang ang ibang miyembro ng kanilang angkan ay pinatay habang nasa proseso ang kanilang protesta.

Noong simula pa lang, kinausap ako ng rantsero upang hindi ituloy ang aming pakikipaglaban. “Babayaran kita, magkano ang gusto mo, PHP 1 milyon, PHP 5 milyon, ibibigay ko sa’yo, ’wag ka nang magpatuloy.” Sagot ko, hindi ko ipagpapalit ang aking katribu. Hindi ko pwedeng ipagpalit ang pangarap ng aking mga kapatid, katribu, at ng aking mga magulang dahil dito na kami noon pa man.

Ipinahayag ni Bae Makabulig ang kanyang kawalan ng tiwala sa proseso ng FPIC kahit na ito ay pinamumunuan ng mga opisyaales ng gobyerno. Para sa kanya ang FPIC ay isang simpleng “cash-sabutan,” isang paglalaro ng salita na ang ibig sabihin ay palitan ng pera.

Ang IPRA at ang Philippine Mining Act

Sa pagpapatupad ng Philippine Mining Act of 1995 o Republic Act No. 7942, naging liberalisado and industriya ng pagmimina. Pinahintulutan ng batas na ito ang mga dayuhang kompanya ng pagmimina na gamitin at pakinabangan ang pampubliko’t pribadong lupain, kasama ang mga protektadong lugar. Pinupuna ang batas na ito dahil sa mga probisyon nitong salungat sa mga karapatan ng mga katutubo na nakasaad sa IPRA, kabilang ang paggamit ng lupa, karapatan sa lupa, at ang pagpapahintulot sa malayang at naunang pagsang-ayon ng mga katutubo. “Karamihan sa mga lugar na may malawak na deposito ng mga mineral ay matatagpuan sa mga teritoryo ng mga katutubo at may mga kagubatan na kinakaharap ang mga usapin ng paglabag sa mga karapatan ng mga katutubo” (Walpole at Annawi 2011, 14).

Sa inilathalang papel sa Oxfam Philippines (Magno at Gatmaytan 2013) tungkol sa mga patakaran at regulasyon ng FPIC, binanggit nila ang kamaliang nagawa ng mga kompanya ng pagmimina upang i-angkop ang kanilang interes. Ayon sa kanila, “ang mga kompanya ng pagmimina ay nagpalabas ng mga modelo ng manipulasyon at maling paglalarawan sa karapatan ng katutubo sa ilang mga proyekto” (pp. 8–9).

Binanggit din nina Magno at Gatmaytan (2013) ang papel ni Joji Cariño (2015) na nagpapaliwanag sa tatlong mga pinag-aaralan na mga kaso na kinasasangkutan ng mga kompanya ng pagmimina sa lugar ng mga katutubo. Halimbawa ang kaso ng katutubong Subanen sa Zamboanga Peninsula na kinasasangkutan ng TVI Pacific ng Canada at Rio Tinto; ang Western Mining Corporation sa South Cotabato laban sa mga B’laan; at ang mga Mangyan sa Mindoro laban sa Norwegian-Canadian na kumpanya ng pagmimina. Tinutukoy ni Cariño (2015, 31) ang “pangkalahatang lugar ng pang-aabuso” sa implementasyon ng FPIC tulad ng sumusunod: “di-paggalang sa

mga lokal na institusyon, mga batas na nakaugalian at nakasanayan, at mga opinyon at kagustuhan ng komunidad na kinakailangan sa ilalim ng batas; pagkontrol sa impormasyon at maling paglalarawan sa sitwasyon ng lokal sa pambansa at pandaigdigang midya upang suportahan ang pag-angkin ng korporasyon; at ang hindi katanggap-tanggap na pamimilit upang maimpluwensyahan ang opinyon ng lokal kalakip ang kaso ng panunuhol at pamimilit” (p. 31).

Mayroong ilang batas na nakitang nagpapahirap sa pagpapatupad ng IPRA. Kabilang dito ang National Integrated Protected Area System (NIPAS) na nagbabawal at nagpapahigpit sa paggamit at pamamahala ng mga katutubo sa kanilang lupain at mga likas na yaman. Kasama rin dito ang 1975 Revised Forestry Code (Presidential Decree No. 705) at iba pang mga kautusang administratibo ng DENR na nagsasaad ng mga alituntunin sa pamamahala at paggamit ng mga likas na yaman na nakalalabag sa karapatan ng mga katutubo, lalo na kung ito ay nakalista at protektado sa ilalim ng IPRA.

Samantala, ang batas na nagbigay ng kontribusyon para sa benepisyo ng mga katutubo ay ang Local Government Code of 1991, na nagpapahintulot na magkaroon ng representasyon ang mga katutubo sa lokal na konseho. Gayunpaman, ang partisipasyon ng mga katutubo sa karamihan ng mga lugar ay nanatiling mababa (Walpole at Annawi 2011, 13).

Ang Bangsamoro Organic Law

Nagbigay ang ilan sa mga pangunahing impormante sa Davao ng obserbasyon sa iba’t-ibang kalagayan ng mga katutubo sa mga rehiyon ng Mindanao na mas nakararami ang Muslim. Nang hinangad ng mga Muslim ang awtonomiya, hindi naman maayos ang talakayan tungkol sa karanasan ng mga katutubong Lumad na residente sa mga lugar na karamihan ay Muslim. Lumitaw ito nang magkaroon ng usaping pangkapayapaan ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) sa gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na nagsimula noong 1999 (The Philippine Star 2014).

Noong 5 Agosto 2008, ang GRP at ang MILF ay dapat pormal na pumirma ng Memorandum of Agreement on Ancestral Domain or MoA-AD. Ang dokumentong ito ay maya-mayang idineklara ng Korte Suprema bilang labag sa Konstitusyon noong 4 Agosto, o isang araw bago ang pormal na pirmahan. Sa MOA, pinagkasunduan ng MILF at GRP na ang mga Moro at katutubo sa Mindanao ay may *birthright* bilang Bangsamoro at mayroon silang “eksklusibong pagmamay-ari sa kanilang tinubuang lupa” dahil sa kanilang kasaysayan na karapatan at dahil ang lupaing ninuno ay hindi pampublikong lupain” (Pantoja 2009). Noong Hulyo 2018, isinabatas ni Duterte ang Republic Act No. 11054 o Bangsamoro Organic Law upang pormal na tapusin ang ilang-dekadang tunggalian sa pagitan ng Moro secessionists at ng gobyerno.

Sa isang inilabas na ulat sa publiko ng independent Third-Party Monitoring Team (TPMT), isinulat ni Riyaz Ul Khaliq noong 14 Disyembre 2020, na ang prosesong pangkapayapaan ng Bangsamoro ay “*fundamentally on track*,” sa kabila ng limitasyong kinakaharap ang bansa dulot ng pandemya ng coronavirus (COVID-19). Gayunpaman, ipinahayag ni Karen Tañada, isang miyembro ng TPMT, na ang ipinanukalang komisyon para sa mga katutubo ay hindi pa nabubuo sa rehiyon; bagkus, kinakailangan pa ng “higit na pansin” kaugnay sa mga katutubo: “Inaasahan ko na mas may partisipasyon ang representasyon ng mga hindi-Moro na katutubo sa (proseso ng normalisasyon)” (sinipi sa Khaliq 2020).

Noong Pebrero 2021, ipinahayag ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) na susuriin nila ang lahat ng tituladong lupa na kinasasangkutan ng mga lupaing ninuno ng mga katutubong di-Moro sa South Upi, Maguindanao. Gagawin ang pagsusuring ito “upang maayos ang komplikadong tunggalian sa isyu ng lupa” (Sarmiento 2021). Ang tunggalian ay kinasasangkutan ng mga tribung Teduray at Lambangian sa South Upi.

Sa Lupang Katutubo

Noong 1909, naipanalò ni Mateo Cariñò, isang Ibaloi, ang isang makasaysayang desisyon sa pagkilala ng katutubong titulo ng lupa laban sa pamahalaang kolonyal ng Amerika. Naghain ng kaso

si Cariño laban sa pamahalaang kolonyal dahil sa pagkumpiska ng kanyang pagmamay-aring lupa sa Lungsod ng Baguio. Sa desisyon ng korte, “idineklarang ang lupa ay isang pribadong pagmamay-ari magmula pa noong una, at hindi ito naging parte ng pampublikong lupain” (Walpole and Annawi 2011, 15). Itinaguyod nito ang legal na basehan para sa pagkilala sa mga “katutubong titulo sa lupang okupado noon pa man” (p. 15), ngunit hanggang sa ngayon ay nanatili ang pagsasawalang-bahala nito sa batas ng Pilipinas.

Noong huling bahagi ng dekada 1980, sinimulan ng gobyerno ang pagkilala sa mga pag-angkin at karapatan ng mga katutubo sa lupaing at lupang ninuno. Noong 1990, “inilabas ng DENR ang Special Orders 31 at 31-A, na lumikha ng *task force* para sa mga lupang ninuno upang kilalanin ang lupang ninuno sa Lungsod ng Baguio at sa Cordillera; kalaunan ay inilapat ang aksyong ito sa Palawan noong 1991” (Scheyvens 2011, 90). Nang sumapit ang 1993, ipinatupad ng ahensya ang Administrative Order 02-1993, na nagbabalangkas “sa mga patakaran para sa paglalahad at pagkilala sa lupaing ninuno/inangking lupa” (p. 90) at tinutukoy nito ang karapatan at responsabilidad ng katutubong *claimants* na pamahalaan ang kagubatan at rekurso sa loob nito. Nakita ang DAO 02-93 bilang tagumpay, ngunit binatikos ito dahil sa kakulangan ng implementasyon sapagkat ang Certificate of Ancestral Domain Claim (CADC) ay paunang hakbang lamang bago igawad ang Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) (Walpole at Annawi 2011, 15).

Noong 1995, inisyu ni dating Pangulong Fidel V. Ramos ang Executive Order No. 263 upang gamitin ang Community-Based Forest Management (CBFM) bilang “pambansang estratehiya upang masigurong sustainable ang pag-unlad ng bansa at paggamit ng yaman sa kagubatan at lupa sa paraan ng pagtataguyod ng katarungan sa lipunan at pagpapanatili ng kalikasan” (Walpole and Annawi 2011, 15). Ang CBFM Agreement (CBFMA), na isang *tenurial instrument*, ay ibinahagi sa mga hindi katutubo o organisadong katutubong komunidad, upang pamahalaan ang lupa at yamang-gubat (Scheyvens 2011, 91).

Nagsumite ang ilang mga komunidad ng mga katutubo ng mga CBFMA o CADC “upang matiyak ang kanilang teritoryo. Subalit, hindi

kinilala ng mga naunang proyektong pangkagubatan ng DENR ang nakasanayang pamamahala sa kagubatan ng mga katutubo” (p. 91). Sa mga ilang kaso, nagkaroon ng CBFMA ang mga taong tigelabas sa mismong teritoryo ng mga katutubo. Nagdulot tuloy ito ng hindi pagkilala sa karapatan ng mga katutubo. Ang sitwasyong ito ay nanatili hanggang sa kasalukuyan.

Ang Nasirang Pangako ng CADT

Ikinuwento ni Pan Lawi, isang kasama sa pakikibaka ng mga katutubo mula pa noong unang bahagi ng 1990, na kahit na isinabatas ang IPRA noong 1997, ang mga pangkat ng katutubo kasama ang *development workers*, mambabatas na kaisa sa laban ay iginiit na ang CADC ay dapat tinatanggap na dokumento kahit na bago ibigay ang CADT sa kanila.

Umapela kami na hindi “claim.” Sa matagal na panahon, amin na yan. Mula pa sa aming mga kanunununan. Bakit ike-“claim” namin? Iyon lang naman ang aming habol.

Ibinahagi ni Pan Lawi ang Seksyon 52 ng IPRA, na nagpapaliwanag sa pag-angkin ng Lumad sa kanilang lupaing ninuno.

Itong section 52, kapag ang isang bahagi ng lupaing ninuno ay nabigyan na ng dokumento, nasukat na ng ibang ahensya, natukoy na ng ibang ahensya at nabigyan na ng certification para sa amin din, ipapa-note dapat iyon sa ancestral domain title.

Nakapailalim sa Seksyon 52 ng IPRA ang paglalahad ng proseso ng pagsusukat ng lupa, tulad ng nakasaad:

Ang pagtutukoy at pagsusukat ng mga lupaing ninuno ay gagawin nang naaayon sa mga sumusunod na pamamaraan: A. Mga Lupaing Ninuno na Natukoy/Nasukat Bago pa ang Batas na ito. Ang mga itinatadhana sa ilalim nito ay hindi sasaklaw sa mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat na sa pamamagitan ng Pampangasiwaang Kautusan Blg. 2, serye ng 1993 ng Kagawaran sa Kalikasan at Likas-Yaman (DENR-DAO 93-02), o maging sa mga lupa/lupaing ninuno na natukoy/nasukat sa ilalim ng ibang programa ng pamayanan sa lupaing ninuno bago pa magkabisang

Batas na ito. Ang mga Katutubong Pamayanang Kultural/ Katutubong Pamayanang nagmamay-ari ng mga lupa/ lupaing ninuno na natukoy/nasukat na bago pa magkabisa ang batas na ito ay may karapatang humiling ng Katibayan ng Pagkilala sa Lupaing ninuno sa lugar kahit hindi sumailalim sa pamamaraang binabanggit dito.

Para kay Pan Lawi, malinaw ang batas ngunit may panlilinlang sa Seksyon 56 na para sa kanya ay kinakailangan ng mga katutubo na makakuha ng mga “papel at dokumento” na taliwas sa kanilang tradisyunal na kasanayan.

Sa IPRA kasi, may ilang probisyon doon na hindi nagiging salig sa pangarap ng Ayta lalo na sa pagkamit ng ancestral domain. [Iyong] Section 56, ito po ang lagi nilang ginagamit para iyong paninindigan ng mga katutubong mamamayan na alam nilang kanila, napipigilan. Kasi sa matagal na panahon, alam mong lupa, at lupaing ninuno mo ito. Ngayon, hindi namalayan ng mga ninuno namin at ng mga ibang katutubo na ang bahagi pala ng lupaing ninuno ay naisadokumento na ng ilang pribadong—ito man ay mga indibidwal at may mga ilang kompanya. Naipadokumento nila dahil sa ilang mga policies [ng gobyerno.]. Ipinamumukha nila sa amin na kapag may dokumento na ang isang bahaging alam namin na bahagi ng lupaing ninuno, hinaharap nila sa amin iyong dokumentong iyon at sinasabing hindi na ninyo puwedeng *i-claim* ang sinasabi niyong lupaing ninuno kasi may title na. Sinasabi ng Section 56 ng IPRA na igagalang daw iyong mga nabigyan na ng mga titulo, mga dokumento, etc., kung ano man ang tawag nila. Iyong paniniwala ng Ayta at tsaka iyong kanyang pagkakilala na sa kanya pa iyong bahagi ng lupaing ninuno—dahil doon sa mga dokumentong iyon, hindi na namin puwedeng *i-claim*.

Sa Seksyon 56 ng IPRA: “Ang karapatan sa pagmamay-ari sa loob ng mga lupaing ninuno na umiiral at/o kinikilala na bago pa magkabisa ang Batas na ito ay kikilalanin at igagalang.”

Para kina Bae Makabulig at Bae Masikad Amelita Aslag⁵, kinakailangan nilang matutunan ang ibang pamamaraan upang maiwasan ang paikot-ikot na proseso sa pagkuha ng CADT ngunit nangyari ito sa kapinsalaan ng buhay ng ilan sa kanilang mga katribo na pinatay buhat ng pagsalakay at karahasang ipinagpatuloy ng mga rantsero at ng kanilang armadong tauhan, o sa pagbabalatkayo ng mga pulitiko sa loob ng kanilang lugar. Isinalaysay ni Bae Makabulig,

Para sa akin, dahil magkaiba kami ng lugar [ni Bae Masikad], kapag pupunta ka sa DENR, mayroon pa rin silang proseso sa paglapit sa mga Lumad. Sa maraming kaso ng aking pag-*apply* ng Community-Based Forest Management Agreement (CBFMA), kinakailangan ko pa rin magsagawa ng FPIC. Kaya't ang DENR at NCIP ay konektado. Kaya't kung hindi ka pupunta sa NCIP o sa DENR ay walang mangyayari. Ang pagkuha ng CBFM ay kinakailangan sa pagkuha ng sertipikasyon (para sa CADT). (aming salin)

Pareho ang damdamin ni Bae Masikad rito:

Oo, dahil hindi na namin kaya ang matinding pananakot nila sa amin at baka kami ay mamamatay (at wala pa rin kaming titulo ng aming lupa) dahil umabot na sa punto na ang ilan sa aming katribo ay pinatay. Kinakailangan ba namin mamatay muna bago kilalanin ang aming karapatan sa aming lupa? Kaya't kinausap namin ang DENR upang matiyak na wala ng susunod na mamatay sa amin.

Dagdag ni Bae Makabulig na ang pagkuha ng CADT ay nangangailangan ng mahabang taon habang ang maigsing proseso ng CBFM ay titiyak sa pananatili nila sa kanilang lupa sa loob ng 25 taon. Aniya,

Ang CADT ay napakahabang proseso, samantala ang CBFM ay madali lang. At kapag 25 taon ka nang nasa loob ng lugar ay hindi kana maaring pakialaman. At ang gobyerno ay magbibigay sa iyo ng maraming proyekto.

Ikinalulungkot din ni Bae Makabulig ang napakahabang proseso

5 Sa wikang Binukid, tumutukoy ang "Masikad" sa isang taong nakikibaka para sa katarungan.

sa pagkuha ng dokumento:

Napakahaba ng proseso ng pagkuha ng CADT. At maraming mga palusot, at itinatanong pa kung paano nila nakuha. May ilang beses na hindi ka kinakausap sa opisina dahil hahanapan ka muna ng mga kagamitan ng matatanda at datu sa pangangaso tulad ng itak at kutsilyo.

Nangyayari pa rin ang internal na negosasyon na kinasasangkutan ng mga politiko kahit na mayroon nang pag-aangkin ng mga katutubo. Maari pa ring makipag-“*renegotiate*” o sumali sa mga “bilateral negotiations” ang mga politiko at kompanya sa kabila ng katotohanan na mayroon nang nag-aangkin ng lupa. Ang dahilan pa kung bakit doble ang hirap ay ang pagbibigay ng pahintulot sa mga pekeng kinatawan ng tribo.

Binanggit din na sa ibang pagkakataon, may isang lider ng Lumad na naghain ng aplikasyon para sa FPIC. Nagbayad siya diumano ng kanyang sariling lider ng Lumad, at binibigyan niya ang partikular na datu ng bahagi sa lupang naangkin. Ayon kay Bae Makabulig, kakatwa ito sapagkat alam naman ng NCIP ang naturang kagawian, ngunit pinili pa rin nilang pabayaang mangyari. Aniya, “Meron ngang batas ngunit sa pagpapatupad ay hindi naman ito nasusunod.”

Sa kabila ng mga hadlang na ito, binanggit ng 2 katutubong lider-kababaihan na nagpasya pa rin ang kanilang komunidad na mag-apply ng CADT dahil ang CBFM ay hindi makakatiyak ng kanilang ancestral domain claim.

Ang Katutubong Sistema ng Kaalaman at Kasanayan

Ang isa sa mga mahahalagang probisyon ng IPRA ay ang edukasyon, na tinatawag na Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSPs). Ipinapahayag sa Seksyon 34 ng IPRA na may karapatan ang mga katutubong pamayanang kultural/katutubong pamayanan na kilalanin at pamahalaan ang kanilang mga karapatan sa kalinangan at intelektwal na aspeto. Ang mga ito ay may karapatan sa espesyal na mga hakbang sa pamamahala, pagpapaunlad, at pangangalaga ng kanilang mga agham, teknolohiya, at kalinangan, pati na rin sa kanilang mga pagkakakilanlan, kabilang ang mga

yamang henetiko, mga binhi, katutubong gamot, at kasanayan sa pangkalusugan. Bukod pa rito, kasama rin sa kanilang karapatan ang mga mahahalagang halamang gamot, mga hayop at mineral, katutubong karunungan, sistema at pamamaraan, kaalaman sa katangian ng mga hayop at halaman, tradisyong pasalita, panitikan, dibuho, at sining biswal at pagtatanghal (UNDRIP).

Dapat na maging instrumento ang edukasyon upang itaas ang kanilang kamalayan sa mga usapin ng pagdedesisyon. Tatlong mag-aaral (kasama sa pananaliksik) na naging kalahok ng focus group discussion ang nagpahayag na may mga magkasalungat na batas ang ipinataw sa kanila ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education [DepEd]). Una sa lahat, sinabihan silang magsagawa ng FPIC sa kabila ng deka-dekada nilang operasyon. Iginiit ng grupo na sa ilalim ng IPRA, maari silang makapagpatayo ng sariling paaralan at magturo sa kanilang mga kaugalian at tradisyon.

Bukod sa FPIC, pinagsabihan ang paaralan na kumuha ng titulo sa lupa para sa lugar kung saan itatayo ang paaralan. Sa kasong ito, ang mga paaralan sa mataas na bahagi ay kailangang magpakita ng kanilang sertipiko ng pagmamay-ari o titulo ng lupa bilang patunay. Iba pa sa mga hindi pangkaraniwang kahilingan at pangangailangan ay ang pagpapakabit ng kuryente sa paaralan na para sa kanila ay napakalabo sapagkat ang mga paaralan ay nasa malayo at mataas ng bahagi ng barangay sa mga pamayanang katutubo na hindi abot ng linya ng kuryente. Para sa kanila, ang pagbuo ng Save Our Schools (SOS) Network ay resulta ng pakikibaka ng kanilang pamayanang katutubo na naghahangad na magkaroon ng kanilang sariling paaralan. Dahil sa kapabayaan ng gobyerno, ilan sa mga paaralan sa iba't-ibang pamayanan ay itinatag sa tulong ng relihiyosong organisasyon, NGO, at mga indibidwal sa permiso ng pamayanang katutubo. Isinalaysay ng mga mag-aaral na itinatag ang kanilang paaralan dahil nakita ng mga nakakatanda nila ang kahalagahan ng pagkatuto lalo na't ang kanilang mga ninuno ay naging biktima ng pang-aabuso ng sakim na mga negosyante at interes ng korporasyon dahil hindi sila marunong magbasa at magsulat.

Itinayo ang mga paaralan dahil sa sama-samang pagkilos ng buong pamayanan kung saan ang mga bata, nanay, at maging ang mga nakakatanda ay nagtatrabaho upang mabuo ang paaralan. “Kasama ang mga babae at bata sa pagbubuhay ng mga semento upang masigurado ang pagpapatayo ng paaralan.”

Nasa 215 ang kabuuang bilang ng mga paaralang pinatatakbo ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development (Paaralang Lumad ng ALCADDEV) na karamihan ay nasa malayong lupain at barangay ng Mindanao. Sa North Cotabato, naging instrumento ang mga misyonerong sina Fr. Peter Geremiah at ang yumaong Fr. Fausto “Pops” Tentorio sa pagkakatatag ng pinakaunang katutubong paaralan sa lugar. Isa sa mga hadlang sa pagpapatupad ng IPRA ang militarisasyon sa mga paaralan dahil ginagamit itong kasangkapan upang pigilan ang kanilang pangarap na magkaroon ng pinag-aralan. Para sa kanila, ang pananatili ng naka-unipormeng hukbo ng pamahalaan sa kanilang lugar ay lumalabag sa kanilang karapatan sa isang mapayapang tirahan. Ito ri’y pagsasawalang-bahala ng layunin ng IPRA.

Inakusahan ng mga *rights activist at development workers* ang militar dahil sa pangunguna nitong panawagan na ipasara ang mga paaralan sa kadahilanang ito diumano ay prente ng komunistang New People’s Army (NPA). Mayroon ding takot na ang pagkatuto ng mga Lumad ay nagsisilbing banta sa mga malalaking korporasyon na noon pa man ay nagbibigay lamang ng regalo (sardinas at sigarilyo) sa mga datu kapalit ang lupa. Ngayon, sa pagkatuto ng mga Lumad ay hindi na nila makumbinsi nang madalian (*haylohon*) upang isuko kung ano ang kanila. Para sa mga katutubo, ang edukasyon ay sandata nila laban sa pang-aabuso.

Bukod dito, mayroong mga hakbang na binanggit ang mga Ayta Mag-Indi ng Pampanga at mga Talaandig sa Bukidnon tungkol sa pagkakaroon ng edukasyon sa kanilang mismong lugar. Mayroong dalawang paaralan ang itinatag sa kanilang lugar sa Zambales, at isa sa Bukidnon. Subalit limitado lamang ang mayroong oportunidad sa kanila upang makakuha ng diploma sa kolehiyo dahil sa kakulangan ng pera.

Gumawa naman ng programa ang DepEd Pampanga kung saan nakikisalamuha ang mga guro sa pamayanan ng mga katutubo upang maintindihan ang kultura nito. Ngunit para kay Pan Lawi, ang IP education curriculum integration ng DepEd ay “walang maayos na implementasyon” bagkus ay kailangan pang palalimin at payabungin ang mga terminolohiya at kahulugan upang maitaguyod ang integridad ng kultura ng mga katutubo. Itinanong rin ni Pan Lawi kung naiintindihan ba ng mga guro ang tunay na kahulugan ng kultura.

Iba Pang Isyu

Bukod sa isyu ng pag-angkin na nagpapahirap sa mga katutubong pamayanang katutubo, mayroon ding isyu sa aksibilidad ng batayang serbisyo. Sa isang rebyu ng ESSC sa IPRA noong 2008 (Walpole and Dallay 2011), binanggit nila na “makatutulong ang karapatan ng mga katutubo sa batayang serbisyo upang pagtibayin ang kanilang kultural na identidad at pamumuno.” Kung matutugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan, ang ilan sa kanila ay hindi na ipapalit sa sigarilyo ang kanilang karapatan, o sa isang lata ng sardinas, o hindi na magiging tahimik sa mga inhustisya na kanilang nararanasan hanggang ngayon.

Nananatiling suliranin ang inseguridad sa pagkain sa mga malalayong mga pamayanan dahil ang kalakhang bahagi ng inangking lupa ng mga katutubo ay minimina o *kino-convert* bilang mga plantasyon at ibang mga *agribusiness ventures*. Naobserbahan ng isang mag-aaral sa Paaralang Lumad na ang pagkasira sa kalikasan buhat ng pagmimina ay nagpalala ng *food insecurity*, hindi lamang sa kanila kundi pati sa mga nasa mababang lupain din.

Binanggit ng mag-aaral na may mga pagkakataon na sa mga minahan, nawawala ang likas na yaman tulad ng lupa at tubig dahil sa *open-pit mining*. Aniya, “Malaki ang naidulot na pagkasira ng [*open-pit mining*] lalo na kapag pinag-uusapan natin ang tubig. Doon pa namin kinukuha ang aming pagkain tulad ng isda, pati na rin inuming tubig. Ngunit ngayon ay patay na ang mga isda, at hindi na kami maaaring lumangoy.” At ang pagkasira sa kalikasan ay humatong din sa natural na sanhi ng kalamidad tulad ng pagbaha.

Pagsulong

Habang patuloy pa ring naapektuhan ang IPRA ng mga problema sa loob ng 20 taon, nagkaroon pa rin ng mga tagumpay ang mga pamayanan ng mga lumad sa kanilang pakikibaka. Sa Bukidnon, ayon kay Bae Masikad, nakapagpatayo sila ng paaralan dahil sa tulong ng DepEd. Hindi sila nakaranas ng kahirapan katulad ng karanasang dinanas ng mga pamayanang nasa ilalim ng SOS. Nag-assign din ng mga guro ang DepEd sa kanilang paaralan, aniya. Naging kapaki-pakinabang ang IPRA para kay Bae Makabulig sa kabila ng limitasyon dahil ngayon ay mayroon ng batas na nangangalaga sa karapatan nila. Samantala, binigyang-diin niya na dapat silang tratuhin ng pantay-pantay, na dapat sundin at kilalanin ang kanilang pangarap at tradisyon.

Sa Pampanga, nakakuha ang komunidad ng Ayta-Mag Indi ng *full scholarship grants* mula sa yunit ng pamahalaang lokal para sa degree sa kolehiyo. Subalit iilan lang ang nakakuha ng *grant* na ito. Dagdag pa, batay sa itinakda ng IPRA, inigyan sila ng puwesto sa konseho ng pamahalaang lokal bilang kinatawan ng mga katutubo sa pambayan o panlalawigan.

Iminumungkahi naman ni Pan Lawi na dapat basahin ng lahat ng ahensya ng gobyerno ang IPRA upang ganap na maintindihan ang hangad ng mga katutubo.

Dapat, ang IPRA nga ang basehan na kikilalanin nila ang karapatan namin sa loob ng aming lupaing ninuno. Kung papaano kami nagpapasya. Sariling pamamahala, sariling pagpapasya. Lyon ang pinapaliwanag ng IPRA. Pero minsan, hindi nila naiintindihan iyong kahulugan ng IPRA kahit ito'y ginawa ng mga congressman, mga senador. Hindi nila iyon maiintindihan. Pangalawa, siguro hindi naman naipapaliwanag, ipabasa yan sa mga taong nakagagawa ng violence sa loob ng ancestral domain [at] sa karapatan namin. Hindi nila iyon naiintindihan. Siguro, ang masasabi ko lang, dapat ibasa sa lahat ng ahensya ng pamahalaan. Lalo na sa usaping kapayapaan. Totoo bang ginagalang nila itong IPRA? Lyon po iyong gusto ko sanang mangyari. Sinasabi sa bibig na may IPRA. Pero napag-aralan ba nila ang tunay na

kahulugan ng IPRA? Kahit po nasa gobyerno man yan [o sa] pribadong institusyon. [Sana] mapag-aralan nang malaliman ang totoong kahulugan ng IPRA.

Iminungkahi naman ng mga pangunahing impormante na dapat sumailalim sa reoryentasyon at pagsasanay ang mga ahensya ng pambansang pamahalaan na inatasang magpatupad ng batas. Hinimok ni Pan Lawi ang mga kawani ng NCIP, mula sa pambansa hanggang sa panlalawigang antas, na kailangang sumailalim ng pagsasanay hindi lamang tungkol sa IPRA kundi maging sa mga batas na magkakapatong-patong sa pagpapatupad nito. Ikinuwento niya na dahil pinalabnaw ang bersyon ng IPRA na inaprubahan noong 1997, hindi ito nagkaroon ng pagpayag ng mayorya ng mga katutubo.

Dahil patuloy silang isinasantabi, nananawagan ang mga mag-aaral na Lumad na ipawalang-bisa ang IPRA at ipasá ang isang dokumentong tunay na bibitbit sa mga pangarap at hangad ng mga katutubo base sa kanilang karapatang makapagpasya. Para kay Pan Lawi, susuportahan niya kung mayroong paraang bubuo ng bagong batas na tunay na magsisilbi sa mga katutubo. Ngunit kung hindi naman ito maari, dapat ay amyendahan ang mga probisyong hindi umaayon sa kanilang pangarap at hangarin at nagiging dahilan ng pagkabigong kilalanin ang kanilang karapatan sa sariling pamamalakad at pagdedesisyon.

Binigyang-diin din ni Pan Lawi na ang Doktrina sa Katutubong Titulo (Native Title) ay dapat sundin, lalo na't binabanggit ng kanilang mga ninuno na ito ay kanilang karapatan. Ang Doktrina sa Katutubong Titulo ay binanggit sa isang desisyon ng Korte Suprema ng Estados Unidos noong 1909 hinggil sa isang kasong sinampa ng lider-Ibaloi na si Mateo Cariño laban sa pamahalaang kolonyal ng Amerika dahil sa pangangamkam nito ng mga lupain para sa pagtatayo ng baseng military na Camp John Hay. Nanalo si Cariño pagkatapos ng anim na taon. Idineklara ng Korte Suprema na

ang lupang inaangkin ng mga indibidwal sa pamamagitan ng isang *claim* o bilang pribadong pagmamay-ari ay inaangkin pa rin katulad noong panahong bago ang pagsakop ng mga Kastila, at hindi kailanman naging lupa ng publiko... Hinihingi ng batas at katarungan na dapat ipagkaloob sa aplikante

ang kanyang hiling, at hindi siya dapat pagkaitan sa gawain at paniniwala ng mga nakasama niyang namuhay sa kanyang pag-aari. (*Cariño v. Insular Government*)

Para sa mga katutubong komunidad, nararapat lamang na tanganan ang Doktrinang ito dahil nagagamit nila at ng kanilang mga ninuno bilang instrument ng pagsusulong “ng karapatan sa mga lupang ninuno sa sariling pagtatakda ayon sa kanilang mga tradisyonal na batas” (Cariño 2012). Paliwanag ni Pan Lawi,

Halimbawa na lang po, iyong sa native title. Kung naniniwala nga sila sa IPRA, binanggit na nga doon iyong native title—bakit hindi nila sundin iyon? Tinukoy na ng aming mga matatanda na kilalanin iyon. Kaya nga hindi kami nagkakagulo. Bigyan na lang ng isang deklarasyon, ‘dahil tinukoy na ng mga katutubo, ito ang pagpapatunay na kinikilala namin kung paano man ninyo [tinukoy].

Sa ilalim ng IPRA, kinakailangan pa ng mga komunidad at indibidwal na nagnanais bawiin ang kanilang lupain na dumaaan sa proseso ng pagtutukoy ng lupa batay sa Seksyon 52 ng IPRA. Sa seksyong ito, hinihingan ang mga katutubo ng iba’t-ibang “katibayan” ng kanilang pagmamay-ari ng lupa tulad ng mga salaysay, litrato ng mga tradisyonal na *landmark*, kasaysayang nakasulat, planong-sarbey at mapa, antropolohikal na datos, at genealohikal na sarbey, at iba pa. Para kay Pan Lawi, isang kabalintunaan ito dahil kailangan pa nilang magpakita ng katibayan ng kanilang pagmamay-ari sa lupa sa kabila ng matagalang pamumuhay dito ng kanilang mga ninuno simula pa noong panahong bago sakupin ng Kastila ang bansa. Magagawa ang parehong pagpuna sa Seksyon 56 ng batas, na sumasaklaw sa mga umiiral na karapatan sa pagmamay-ari. Batay rito, ginagalang ng IPRA ang mga titulo sa lupaing ninuno na umiral na bago pa ang batas na ito.

Binigyang-diin naman ni Pan Lawi na sa antas ng edukasyon ay kailangan ang malawak na pag-intindi sa kultura ng mga katutubo kasama na ang mga terminolohiya at kailangan itong palawakin upang mas lalong nagsasalamin sa kultura ng mga katutubo.

